

**BE SAFE
CHICAGO** ★★



**Maging Ligtas.
Panloob na Libangan**

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Nangangailangan ang maingat na pagbubukas ng Chicago ng:

Mga mabubuting pakikisalamuha

Pagdistansya sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na pagdistansya sa iba pang tao

Laki ng pagtitipon



Mga limitasyon sa mga pagtitipon ng mga indibidwal

Pamprotektang kagamitan



Paggamit ng pamprotektang kagamitan ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghuhugas ng kamay)

Mga ligtas na pagdistansya at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon ng pasukan/labasan papunta sa lugar

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga pag-aksyon upang disimpektahin ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga masasanggunian para sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagtatasa sa dami ng taong pumapasok sa lugar, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga flexible na modelo



Flexibility sa sick leave at remote na pagtatrabaho (kapag macari)

Katatagan ng mga operasyon



Suporta para sa flexibility ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

-Inirerekomendang patnubay-

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Larawang halimbawa



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ano ang maaaring maging kaibahan?

- 1 **Mga nakapaskil na marka sa buong pasilidad** ukol sa kalusugan, kalinisan at mga paalala sa pagdistansya sa kapwa
- 2 **Nakasuot ng mga panakip sa mukha** ang lahat ng indibidwal, pati na habang lumalahok sa mga aktibidad na panlibangan
- 3 **Magbigay ng mga magagamit na pandisimpekta para sa pag-sanitize ng kagamitan** sa pagitan ng mga gumagamit
- 4 **Ugaliin ang pagsasagwa ng pagdistansya sa kapwa** sa pagitan ng mga indibidwal na hindi magkakasama sa sambahayan
- 5 **Nadisimpekta/na-sanitize** ang shared o narerentahan na kagamitan (hal., mga kagamitan sa paglalaro, kasuotan/sapatos) **matapos ang paggamit ng bawat customer**

-Inirerekomandang patnubay-

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Magbigay ng sapat na espasyo para sa pisikal na pagdistansya (>6ft)

- Tiyakin ang 6 na talampakan na distansya sa pagitan ng lahat ng indibidwal na hindi magkakasama sa parehong sambahayan sa lahat ng lugar ng pasilidad
- Kung saan naaangkop, maglagay ng 6 na talampakan na distansya sa pagitan ng kagamitan o "mga istasyon" ng panlibangan (hal., mga bowling lane, arcade game, game table); maaari ang 3 talampakan na distansya kung mayroong mga nakalagay na hindi malalampasang pisikal na harang

Limitahan ang kapasidad sa 40%, at pagpupulong sa mga bukas na espasyo sa hindi hihigit sa 50 indibidwal

- Limitahan sa maximum na kapasidad na % ang kapasidad para sa panloob, hindi kabilang ang tauhan;
- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at customer sa (hal., mga break room, mga lugar para sa pag-check out) sa hindi lalagpas sa 50 indibidwal, habang tinitiyak ang 6 na talampakang pagdistansya sa kapwa
- Maaari nang magbukas muli ang mga ancillary na akomodasyon (hal., food service, retail) alinsunod sa nauugnay na mga alituntunin ng industriya

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang paggamit ng mga empleyado at customer ng pamprotektang kagamitan

- Sa lahat ng espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring gawin ang mga eksempsyon para sa mga taong may medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Kung praktikal, kung kinakailangan ang malapitang pakikisalamuha (hal., mga ticketing booth) gumamit ng mga pisikal na pangharang (hal., plexiglass) o mga personal na face shield bilang karagdagang sa mga pantakip ng mukha
- Dapat isuot sa tuwina ng lahat ng kalahok at empleyado ang mga pantakip ng mukha, pati na habang nasa indoor na panlibangan na nangangailangan ng mas mataas na pisikal na aktibidad (hal., laser tag, paintball)
- Maaaring tanggalin ang mga nakagawiang pantakip ng mukha kung mayroong ibinibigay na kagamitan para sa libangan bukod sa mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (hal., mga helmet)



Tiyakin ang regular na pag-sanitize ng mga kamay at mga lugar na madalas hawakan

- Magbigay ng mga produktong panlinis na magagamit ng mga customer (hal., sabon at tubig, sanitizer sa kamay)
- Hikayatin ang mga empleyado na magkumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho
- Ilatas sa mga empleyado na maghugas ng mga kamay bago at matapos ang malapitang pakikisalamuha sa mga indibidwal (hal., pagpapakita kung paano ang paggamit sa mga kagamitan o tools)

-Inirerekomendang patnubay-

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Access sa
pagpasok



Mga
pamantayan
sa paglilinis

Magtatag ng protokol sa pagsusuri ng kalusugan ng mga empleyado

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon silang mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, sinusuri ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na walang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)
- Hindi dapat mag-ulat, o hayaang manatili, sa trabaho ang mga empleyado kung may sintomas sila o kapag nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit

Magtaguyod ng mga pamantayan sa araw-araw na paglilinis ng mga espasyo at mga kagamitang madalas hawakan

- Magbigay ng madaling makuha at magagamit na mga kagamitan na pandisimpekta para sa pag-sanitize ng mga kagamitan sa pagitan ng mga gumagamit (hal., mga bowling ball, pool cue, pinball machine)
- Latas sa mga dadalo na i-sanitize ang mga kagamitan (gamit ang ibinigay na mga wipe) kapag ipapasa ito sa ibang gagamit na hindi kasama sa kanilang sambahayan, o magtalaga ng (mga) empleyado na nakatuon para linisin ang mga kagamitan matapos ang bawat paggamit
- Disimpektahin/i-sanitize nang kahit man lang kada dalawang oras ang mga madalas na hawakan (hal., mga hawakan ng pintuan, counter, switch ng ilaw) gamit ang pandisimpekta na rehistrado sa EPA
- Idisimpekta/i-sanitize ang mga ibinbahagi o pinarerentahang kagamitan (hal., mga kagamitan sa laro, kasuotan/sapatos) matapos ang bawat paggamit ng customer
- Magsagawa ng masusing paglilinis gabi-gabi, bilang karagdagan sa pang-araw-araw na paglilinis (nang pinagtutuonan ang mga madalas na hawakan)
- Huwag nang isagawa ang mga aktibidad o huwag nang ipagamit ang mga lugar na hindi maayos na malilinis sa pagitan ng mga gumagamit (hal., mga ball pit)
- Dapat manatiling sarado ang mga indoor na playground

-Inirerekomendang patnubay-

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Nakikitang
patnubay**



**Lugar ng
trabaho**

Magbigay ng nakikitang patnubay sa mga pamantayan sa kalinisan at mga kinakailangan para sa pagpasok

- Magpaskil ng mga komprehensibong paalala tungkol sa kalusugan, kalinisan, at pisikal na pagdistansya sa buong pasilidad (hal., karatulang mula sa mga alituntunin ng CDC)
- Magpaskil ng mga alituntunin at pamantayan para makapasok ang mga bisita (hal., mga pantakip sa mukha, pagdistansya sa kapwa)

Isaayos ang mga kondisyon sa lugar ng trabaho upang mabawasan ang mga interaksyon at pabutihin ang daloy ng hangin

- Muling isaayos o huwag nang gamitin ang mga game o kagamitan upang bigyang-daan ang 6 na talampakang pagdistansya (pinahihintulutan ang 3 talampakang distansya kung mayroong hindi malalampasang harang sa pagitan)
- Kung praktikal, pabutihin ang pagdaloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob (hal., mga bintana, bentilasyon) ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Ipagbawal sa mga dadalo ang pagkain o pag-inom habang lumalahok sa mga aktibidad na panlibangan o habang gumagamit ng kagamitan

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Mga
flexible na
modelo**



**Katatagan ng
operasyon**



**Mga
alituntunin sa
pagbiyahe**

Limitahan ang personal na pagpasok sa trabaho kung saan maaari

- Bawasan ang personal na pakikisalamuha (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng tauhan)
- latas sa mga may sakit na empleyado na manatili sa tahanan

Limitahan ang pakikisalamuha ng mga indibidwal sa isa't isa

- Kung saan maaari, ihikayat ang pagpapareserba sa mga istasyon, lanes o pinarerentahang kagamitan upang masubaybayan ang inaasahang bilang
- Bawasan ang pagkakasabay-sabay ng dadalo/grupo kung saan maaari; maglagay ng karagdagang oras sa pagitan ng naka-iskedyul na mga appointment o reserbasyon para sa paglilinis, kung saan kinakailangan
- Sanayin ang mga empleyado ukol sa tamang mga protokol upang masunod ang pagdistansya sa kapwa at mga kinakailangan sa kalinisan
- Itaguyod ang A/B na shift para sa mga manggagawa kung saan maaari, at ilimita ang pagsasabay-sabay ng klase na iniaalok

Limitadong pagbiyahe para sa negosyo


- Kung naaangkop, limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lokasyon

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alitin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alitin ng CDC
- Sinumang empleyado na nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alitin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

-Inirerekomendang patnubay-





Talahulugan

Pagpupulong: Isang grupo ng mga indibidwal na hindi galing sa isang sambahayan na bahagi ng isang biglaan o planadong kaganapan at nakikisalamuha sa isa't isa nang higit sa sampung minuto

Paghuugas ng kamay: Ang kilos ng masinsinang paglinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Pagdistansya sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

PPE: Personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, face shields); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Maging Ligtas. Panloob na Libangan

Mga Dulugan sa Pampublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Alituntunin para sa Indoor na Libangan

CDC – *Mga Pagsasaalang-alang para sa mga Casino at Gaming Operation*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/business-employers/casinos-gaming-operations.html>

Pahayag ng Pagtanggap

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

-Inirerekomendang patnubay-

